# Beach House

Mga Tauhan:
Babae, 27 taong gulang. Lesbian.
Lalaki, 28 taong gulang. Homosexual.

Tagpo:
*Biyernes. 10:35 ng gabi.*
*Sa apartment ng lalaki.*

*Darating ang babae na may dalang backpack at may hawak na plastic cup na may itim na straw, at may lamang orange juice. Pupunta sa kaliwang bahagi ng entablado, downstage left, sa switch ng fluorescent light, at bubuksan ito. Sandaling iinspeksiyunin ang buong lugar.*

*Ang disenyo ng apartment ay Filipiniana, maraming mga abubot at kagamitan na nagmula sa iba't-ibang lalawigan ng Pilipinas ang makikita dito. Ang kusina ay nasa kaliwang bahagi ng entablado, upstage left hanggang upstage center. Ito ay mayroong manipis na tiled kitchen counter na parihaba, mula upstage left hanggang center stage left. Ang lababo ay nasa likurang bahagi nito. May nakapatong na lalagyan ng mga baso, pinggan, kubyertos, at maliit na rice cooker sa harapang bahagi ng counter. Nakadikit sa kitchen counter, downstage left ay may isang parihabang wooden dining table na pang-animan, sa ibabaw nito ay may nakapatong na isang kaha ng Marlboro Reds, lighter, hair dryer, mga native necklaces, bracelets, earrings, mga magazines, at kung anu-ano pang mga aksesorya. Ang dining table ay napapalibutan ng apat na rattan chairs. Ang dingding ng banyo na nakatapat sa kanluran, ay nasa tapat ng lababo, upstage center, kung saan may nakadikit na patungan at nakalagay ang electric stove. Sa ilalim ng pinapatungan ng electric stove ay may nakalagay na mga kitchenwares, kaldero, kawali, at iba pa. Sa hilaga, sa dingding, upstage center, pagitan ng lababo at dingding ng banyo, ay nakasabit ang ilan pa sa mga kagamitang pangkusina tulad ng pot holder, at iba't-ibang klase ng sandok. Sa bandang kanan, sa harap ng dingding ng banyo na nakatapat sa timog, ay may nakasabit na salamin, sa ilalim nito ay mayroong bathroom sink. Ang pintuan ng banyo ay nasa kanang bahagi nito, upstage right, katapat nito ang pintuan ng apartment. Ang bintana ay mula kisame hanggang sahig na nasa dulo ng pintuan ng banyo at umaabot hanggang sa pintuan ng buong apartment, center stage right to downstage right. Katapat ng pintuan ng banyo ang isang maliit na refrigerator, katabi nito ang maliit na cabinet kung saan nakapatong ang isang 8" x 10" na black and white wooden framed photograph ni Audrey Hepburn at ilang mga anitong gawa sa kahoy. Sa taas nito, sa frame ng bintana, ay may nakasabit na mga abaniko. Sa harap ng dining table, mula center stage left hanggang downstage left, ay may sofa na gawa sa kawayan. Sa tapat nito ay may maliit na mesa, downstage*

*left, na may nakapatong na TV, DVD player, mini-component, mga audio CDs, at mga pelikulang DVDs. Sa downstage right, ay may banig, may apat na throw pillows sa ibabaw nito at sa dulong bahagi ay may bamboo lamp, may mga anito rin sa magkabilang gilid nito.*

*Ipapatong ng babae ang bag sa banig at hihiga, nakatitig sa kisame. Pagkatapos ng ilang sandali ay ipipikit ang mga mata na parang natutulog. Maya-maya pa ay uupo ito ng deretso at kukunin sa bag ang cellphone, papatugtugin ang original soundtrack ng pelikulang "Across The Universe" ni Julie Taymor. Unang tutugtog ang "Strawberry Fields Forever". Tatayo, bubuksan ang bamboo lamp, papatayin ang fluorescent light, babalik sa pagkakahiga, at pipikit, bahagyang tumatango-tango at dinarama ang musika. Makukuntento. Pagkatapos ng kanta ay mumulat ito at mag-iisip sandali. Makikita ang folding chair. Ipapatong ang cellphone sa lamesa. Bubuksan ulit ang fluorescent light. Bubuksan ang folding chair, ilalagay ang bag sa gilid nito. Hihila ng isa pang silya, uupo, kukunin sa bag ang script ng dulang "Tatarin" ni Nick Joaquin, babasahin ito ng tahimik habang nakaupo sa folding chair, magmememorya ng mga linya, ipapatong ang dalawang paa sa silya. Matapos ang ilang sandali ay tatayong muli, ilalabas ang make-up kit, makalumang bestida, wig, at heels mula sa bag. Pupunta sa harap ng salamin at mag-me-makeup, habang ginagawa ito ay mapapansin ang pagbabago ng karakter ng babae. Isusuot ang wig, bestida, sapatos, at mga fashion accessories na nakapatong sa dining table, kukunin ang isa sa mga abanikong nakasabit sa dingding, kukuha ng sigarilyo at lighter. Kukunin ang digital camera mula sa bag, kukuhanan ng litrato ang sarili. Muling titingnan ang sarili sa salamin, babasahin ang script, titingnan ulit ang sarili, sisindihan ang sigarilyo, tatanggalin ang straw mula sa plastic cup ng juice, isusuksok ang stick ng sigarilyo sa straw, hihithitin ito, hihinga ng malalim, at haharap sa audience.*

BABAE: Male poise! And who built up this male poise of yours? Women. The women. This bluff male health of yours, is founded on the impregnable virtue of generations of good women. You boobies are so sure of yourselves, because you have always been sure of your wives. All the sisters being virtuous, all the brothers are brave. That is the recipe for machismo, right? Oh, and every now and then, you would say to your poor wives, okay, have a holiday, let out steam, howl and prance about like made, as in the Tatarin orgy. But afterwards, the woman must come back as meek and obedient as before, back to her lord and master again, to be

used and exploited. For what? For the maintenance of this poise of the male, this machismo you're so vain about? Oh, you men!

*Mauupo sa sofa. Muling kukunan ng litrato ang sarili. Magpapahinga sandali. Kukunin ang cellphone at tatawagan ang kaibigan habang hinuhubad ang wig, mga accessories, bestida, at heels.*

BABAE: Hello! Asan ka na ba? Ang tagal. Sigurado ka? Yung totoo. Dubbing?

Matagal pa ba 'yan? Kanina pa kaya ako dito. *(Mahihiya at matatawa)*

Hay, o siya. Bilisan mo na kasi. Siya. Va vous!

*Pagkatapos ayusin ang mga gamit ay maghahalungkat sa mga CDs at DVDs. Bubuksan ang mini-component at magpapatugtog ng musika. Tutugtog ang "I Say A Little Prayer" ni Diana King. Sasabay sa samo ng musika habang tinitingnan ang mga DVDs at pipili ng mga gusto niyang panoorin. Darating ang lalaki na may dala-dalang dalawang plastic bags ng groceries.*

LALAKI: Hello!

BABAE: *(Isisigaw ang pangalan ng lalaki)*

*Kukunin ng babae ang camera at kukuhanan ito ng litrato. Mag-po-pose ang lalaki na parang babaeng modelo. Matatawa ang babae.*

BABAE: America's Next Top Model!

*Ipapakita ng babae ang picture sa lalaki. Magtatawanan. Ilang beses pang mag-po-pose ang lalaki at kukuhanan siya ng litrato ng babae, parang pictorial.*

LALAKI: Tama na! Pinaglalaruan mo na'ko eh!

*Matatawa ang babae at ilalagay na sa mesa ang camera.*

LALAKI: *(Habang dinadala ang bags of groceries sa kusina)* Kamusta? After ten thousand years! Ano'ng meron?

BABAE: Wala, masaya lang ako. At namiss lang kita.

LALAKI: Asus! Naku, tumigil ka nga diyan. Bakit ngayon ka lang nagpakita?

BABAE: Busy sa pag-aaral.

LALAKI: Nakoh! Parang hindi kita kilala. Ano nga?

BABAE: *(Mapapaisip)* Natanggap ako sa auditions!

*Magsisigawan at magtatawanan.*

LALAKI: Ano'ng play?

BABAE: Tatarin!

LALAKI: Ano'ng role?

BABAE: Micaela!

LALAKI: Winner!

BABAE: Eh ikaw, kamusta? Ano'ng ganap sa'yo?

LALAKI: Wala naman. Same old shit.

BABAE: Ang nega.

*Sandaling katahimikan.*

BABAE: Eh di ba nga, ganun talaga?!

LALAKI: Oo nga. Eh totoo naman eh.

*Sandaling katahimikan.*

BABAE: Si Daddy, kamusta na?

LALAKI: Ayun, ok naman. Medyo ok na siya.

BABAE: Ano yung medyo ok na siya?

LALAKI: Ok naman, buhay pa. Humihinga pa. So, ok pa naman.

BABAE: Stage 4 na ba?

LALAKI: Oo. Babu na in a few weeks.

BABAE: How do you feel about it?

*Hindi magsasalita ang lalaki, maiiyak*.

BABAE: Nanglalaki ka na naman ‘no?

*Tatango ang lalaki.*

BABAE: Ayan! Sabi mo hindi ka na manlalalaki humaba lang ang buhay ng tatay mo. Tapos ‘yan!

LALAKI: Salamat, ha! Ang laking tulong. (*Patuloy sa pag-iyak*).

BABAE: You’re welcome! Buti pa nga siya eh. Sabi nga ni Herodotus: “Call no man happy until he is dead.”

*Sandaling katahimikan.*

LALAKI: *(Kakabahan)* Ah, kaya ka ba suicidal?

BABAE: *(Maiinis)* Baliw!

LALAKI: Eh sino kaya sa aming dalawa ang baliw? *(Nang-aasar)*

BABAE: (*Masasaktan*) Oo na, ganun talaga.

*Tatahimik ang Babae. Magsisindi ng sigarilyo. Sandaling katahimikan. Magsisindi rin ng sigarilyo ang lalaki.*

LALAKI: Bakit ang tahimik mo?

BABAE: Wala.

LALAKI: Ano nga?

BABAE: *(Biglang maaalala)* Nag-relapse ako.

LALAKI: Naparanoid ka na naman?

BABAE: Oo, kakaiba! Katakot!

LALAKI: Kailan?

BABAE: Last week. Na-paranoid ako sa professor namin. Kakaiba. Katakot talaga!

LALAKI: Bakit?

BABAE: Nag-walk out ako sa class. Biglaan nalang I felt bad. It felt like my classmates and professor were ganging up on me, na all of a sudden parang they're talking about me, on a subliminal level, at alam nila lahat ng mga kagagahang ginawa ko noon at ji-nu-judge nila 'ko. Kaya 'yon, from Faculty Center naglakad ako. Tapos, sobrang iyak lang ako ng iyak sa sobrang takot. Tapos hindi ko na nakayanan. Umupo ako sa bench sa may Sunken Garden. Convinced na convinced na'ko na magsuicide ulit. Kailangan ko nang mamatay, yung ganun. It's a must.

LALAKI: Ano ba 'yan? Kailan ba titigil 'yang mga ganyang episodes? *(Uneasy)*

BABAE: Ewan. Ganito na yata talaga 'ko forever eh *(Mapapaisip)*. Anyway, naisip ko kung paano ako magpapakamatay. Madrama. Puwedeng gawing short film.

LALAKI: O, paano naman ngayon?

BABAE: Inisip ko muna yung location. Na-try ko na sa bahay ng friends, sa bahay namin, sa expressway… Kaya this time, sa hotel ako magpapakamatay.

LALAKI: Shala! Sa hotel! Bakit hindi nalang sa Palma Hall or dun sa may Oblation? Di ba madrama din yun? Headline: "Isang iskolar ng bayan, tumalon mula sa tuktok ng Palma Hall. Patay."

BABAE: Ayoko nga, baka sa tabloid lang malagay ang pangalan ko. Gusto ko siyempre sa broadsheet.

LALAKI: Eh paano mo naman nasabing sa tabloid lang malalagay ang pangalan mo? At tsaka, ano naman kung sa tabloid? Napaka-judgmental mo naman.

BABAE: Siyempre mas sosyal kung broadsheet. May nabasa kasi ako sa tabloid tungkol sa nanay na nagpakamatay matapos patayin ang dalawang anak.

LALAKI: Ayan, kaya ka naman pala naprapraning eh, dahil sa mga pinagbababasa mo.

BABAE: *(Matitigilan at mapapaisip)* Kahapon ko lang nabasa 'yon eh.

LALAKI: Kahit na, tumigil ka na nga sa kakabasa mo ng mga negative news na 'yan. Lalo ka lang maaaning. Ano bang mga libro ang pinagbababasa mo ngayon?

BABAE: Theater books.

LALAKI: Teka nga.

*Lalabas sandali sa kaliwang bahagi ng entablado. Papasok na may dala-dalang malaking paper bag na puno ng mga libro at iaabot sa babae. Ibubuhos ng babae ang mga libro sa banig.*

LALAKI: O ayan, mamili ka.

BABAE: *(Magugulat)* Wow! Nabasa mo na lahat 'to?

LALAKI: Yung iba.

BABAE: Teka! Nagpanic buying ka ba ng mga libro?

LALAKI: Hello! Hindi ko naman sabay-sabay binili 'yan 'no. At tsaka, ano naman? Hindi naman ako psychologist. At lalong hindi rin ako psychiatrist, hindi kita mabibigyan ng gamot. Kaya eto lang ang ma-su-suggest ko sa'yo. Magbasa ka.

BABAE: *(Tatawa)* Librarian bagay sa'yo!

LALAKI: Tseh!

*Sa mga susunod na eksena, tinitingnan ng babae ang mga book covers, habang in-e-explain naman ng lalaki ang mga synopses sa kanya. Isa-isa nila itong aayusin sa loob ng paper bag pagkatapos.*

BABAE: Eh alin nga dito ang ma-re-recommend mo?

LALAKI: Hmmm… *(Mag-iisip)*

*Muling titingnan ng lalaki ang mga libro at pipili ng tatlo. Babasahin niya ang mga synopses ng malakas at with feelings. Magtatawanan sila sa pagbabasa ng lalaki. Ibibigay ng lalaki ang mga libro sa babae. Aabutin ng babae ang mga libro at ipapatong sa mesa.*

BABAE: Thank you. Pa-hug nga. *(Yayakap sa kaibigan)*

*Pupunta sa component ang lalaki at papatugtugin ang "Pass the Dutchie" ng Buck-O-Nine. Sasayaw at magtatawanan ang dalawa hanggang matapos ang kanta. Mauupo pareho sa banig, hingal na hingal.*

LALAKI: Pinagtatawanan ka ni Audrey o.

BABAE: Hindi kaya. Nakasimangot nga o. Galit yata sa ‘kin eh.

*Magtatawanan ang dalawa.*

LALAKI at BABAE: Haaaaaaay!

*Mahabang buntong-hininga na may ngiti ng pagkakuntento sa huli.*

LALAKI: Gusto mo ng orange juice?

BABAE: *(Mag-iisip)* Hmmm… siguro bukas. Kakainom ko lang niyan eh. Pero ngayon, eto ang the best!

*Ilalabas ang isang litro pack ng Guyabano juice. Dederetso sa kusina at titimplahin ito sa isang pitsel.*

LALAKI: *(Mapapangiti with a sign of approval)* And while you’re at it, I’m going to prepare our dinner-dessert! *(Tatawa)*

BABAE: *(Matatawa)* Good!

*Pupunta sa kusina ang dalawa na may kanya-kanyang ginagawa. Ilalabas ng lalaki mula sa ref ang maliliit na fruit cocktail snacks at magsisimulang ihanda ito sa maliliit na dessert bowls. Unang matatapos ang babae. Ihahanda ang mga baso. Hihintayin niya ang lalaki. Habang hinihintay niya ang lalaki ay mamimili ulit siya sa mga CDs at iibahin ang music. Papatugtugin ang 25$^{th}$ Anniversary album ng Café del Mar.*

LALAKI: *(Iaaabot sa babae ang maliit na bowl ng fruit snacks)* Dinner is served! *(Tatawa)*

BABAE: *(Tatawa)* Ano ka ba silent “R” dapat yun.

LALAKI: *(Malilito at matatawa)* Eh pa’no ba?

BABAE: Ganito. *(Clearing her throat)* Dineh iz sehvd!

*Magtatawanan.*

LALAKI: O Siya, siya! *(Sabay subo)* Divine!

BABAE: *(Susubo rin ang babae at masasarapan)* Oh my! Divine nga! Yummey!

*Magtatawanan ang dalawa. Magsasalin ng juice ang babae sa mga baso.*

BABAE: *(Aabutan ng isang basong juice ang lalaki)* Ito try mo.

LALAKI: *(Aabutin ang baso at iinom, masasarapan, matatawa, at kikiligin)* Heaven!

*Magtatawanan ang dalawa, tuwang-tuwa sa kanilang dinner-dessert. Walang imikan silang kakain pero maya't-maya ay nagsusulyapan, tinitingnan ang reaksyon ng isa't-isa. Pagkatapos kumain ay ilalagay ng babae ang mga pinagkainan sa lababo at huhugasan ang mga ito. Magsisindi naman ng sigarilyo ang lalaki at papalitan ang musika ng Jazz.*

LALAKI: Saang hotel mo nga pala balak magpakamatay?

BABAE: Sa Sofitel.

LALAKI: Sofitel, yung dating Westin? Ang layo naman.

BABAE: Favorite hotel ko dito sa Manila ang Westin, na ngayon ay Sofitel na. Ang ganda kasi sa poolside facing Manila Bay. Tapos may mga hammocks. Tapos may mga maliliit na huts as massage areas.

LALAKI: Tharay! So magpapaka-Miko Sotto ka, gano'n?

BABAE: Ay, hindi ko nga keri 'yon 'no! Masakit yun eh. At nakakatakot. May time ka pa mag-isip. Pa'no kung pagtalon ko bigla ko nalang marealize na ayoko pa pala mamatay? Eh di there's no turning back na ito. At ma-ko-

control ko ba kung ano'ng unang babagsak sa'kin? Paa ba o ulo? Ouch! Masakit! *(Habang i-ni-imagine)* Gusto ko yung wala na'kong mararamdamang sakit.

LALAKI: So pa'no?

BABAE: Ang gagawin ko, mag-che-check-in ako sa isang room, dala-dala ang aking maletang army green. Tapos, magpapalit ako ng swimsuit at bababa sa pool. Ay, pero bago 'yon, siguro iinumin ko muna ang baon ko'ng Bailey's, tapos tsaka ako mag-swi-swimming. Or, puwede rin uupo muna ako sa isang hammock at mag-reflect sandali. Tapos, saka ko iinumin ang aking Bailey's, on the rocks. Tapos, mag-swi-swimming ako sandali para mahulasan ng slight, at para makaakyat pa ako sa aking room. Baka kasi malasing ako. Ayoko namang mamatay na lumulutang sa swimming pool. Hindi nakakaganda 'yon.

LALAKI: Tama!

BABAE: Tapos, maliligo muna ako. A long… warm… and "heavenly" … bubble bath… *(Kukuha ng bula mula sa mga hinuhugasang pinggan at hihipan papunta sa lalaki)*

LALAKI: *(Iiwas)* Ano ba?! *(Malandi)*. Milk bath try mo!

BABAE: Wiz! Masyadong mahal. Hindi na kaya ng budget.

LALAKI: Bakit, magkano ba budget mo?

BABAE: 10k.

LALAKI: 10k? May 10k ka?

BABAE: Oo naman! Pa'no kaya ako makakapag-check-in sa hotel kung wala akong pera. Yun nga lang ang laman ng ATM ko eh.

LALAKI: Oo. Tapos, gagastusin mo pa. Hindi mo na lang ibigay sa mga magulang mo pandagdag sa panlibing sa'yo.

BABAE: *(Maiirita)* Kaya nga. Naisip ko na rin 'yon. Kaya nga hindi na, diba?!

LALAKI: Good, o tapos?

BABAE: Wala na, wag na. Pinatay mo na'ko eh. Tapos na ang kuwento.

LALAKI: Ang sensitive!

BABAE: Sensitive talaga 'ko.

LALAKI: Sensitive na may pagka-insensitive! Mas nangingibabaw nga yung pagka-insensitive mo most of the time eh.

*Iirap ang lalaki at oobserbahan ang babae kung ano ang magiging reaksyon nito. Hindi siya papansinin ng babae.*

BABAE: Hay nakoh! Oo na, ayoko nang marinig.

LALAKI: O ayan, ganyan…

BABAE: Anyway, so yun na nga. Mag-bu-bubble bath muna ako. Complete with incense, aromatherapy candles, and music. Teka, ano palang music ko?

LALAKI: Eh di World Music! Reggae!

BABAE: *(Matatawa)* Ok ka lang? Baka magsasayaw lang ako sa bath tub. Ayoko nga madulas pa'ko. Baka 'yun pa ang maging sanhi ng pagkamatay ko. Ayoko ngang matagpuang hubo't-hubad sa bath tub.

LALAKI: *(Maiilang ng kaunti)* May point ka.

BABAE: So 'yon nga, deadma na muna sa music. Or siguro… Meditation Music.

LALAKI: At talagang nakuha mo pang mag-meditate? Mag-meditate po tayo tungkol sa aking pagpapakamatay. Anubayun?!

BABAE: *(Maiirita)* Hindi naman ako mag-me-meditate 'noh! *(Mapapaisip)* Or puwede rin. Basta! Pangtanggal kaba. Anukaba?! Try mo ngang maaning.

LALAKI: *(Mapapahiya)* Wizzles! Hindi nakakaganda. O tapos?

BABAE: Tapos pagkaligo ko, mag-me-make-up na'ko. Tapos, magbibihis... Tapos...

LALAKI: Teka, pakiulit nga. Naguluhan ako ng slight.

BABAE: Saan?

LALAKI: Pagkaligo mo, mag-me-make-up ka?

BABAE: Oo.

LALAKI: Siyempre bihis muna bago makeup?

BABAE: Hindi.

LALAKI: So mag-me-make up ka ng nakahubad? *(Gulat na gulat) Grabe ka naman.*

BABAE: Oo. Bakit, hindi mo pa ba nagagawa 'yun?

LALAKI: Hindi. Hindi na'ko nag-me-make-up ngayon. Itinigil ko na. Obvious ba?

BABAE: Asus! Talaga? *(Hahawakan ang kilay ng kaibigan at buburahin ito sa gitna)* O, eh ano 'yan? *(Tatawa)*

LALAKI: Ano ba?! *(Maarte. Kukunin ang salamin at eyebrow pencil at mag-re-retouch ng kilay)* Ayan! *(Matutuwa)*

*Tatawa ng malakas ang babae.*

LALAKI: Ay wait! *(Ilalabas ang buong make-up kit at mag-re-retouch gamit ang face powder, blush-on, at lip gloss)*

*Nakatawa na nakasimangot ang babae.*

LALAKI: Ayan, perfect! O tapos? *(Inaayos ang mga gamit)* Mag-me-make-up ka ng nakahubad? *(Nang-aasar at matatawa)* Hindi ko pa nagagawa ‘yon ah.

BABAE: Sana naghubad ka muna, bago ka nag-retouch! *(Pang-asar na tatawa)*

LALAKI: Eh hindi naman kasi ako weird na katulad mo! *(Pang-asar ulit na tatawa)*

BABAE: Talaga? Hindi ka weird? *(Kukunin ang make-up kit at isa-isang ibabato ang mga laman na make-up sa kaibigan)* Hindi ka weird, ha? Hindi ka weird?

LALAKI: Ouch! Ano ba?! Ang mga make-up ko! *(Sasalohin ang mga make-up)*

BABAE: Sumagot ka! Hindi ka weird? Ha? Sino’ng weird? Sino’ng hindi weird? Sino? Sino? Sino? Sino’ng hindi weird? Meron bang taong hindi weird? Ako lang ba ang weird? Sumagot ka! Sumagot ka sabi eh!

*Matitigilan ang lalaki at matatakot ito. Hindi magsasalita.*

BABAE: Sumagot ka sabi eh. Ano ba? Sino’ng hindi weird? Sino? Sino sa ating dalawa ang weird?

LALAKI: Ah… pareho tayo… *(Mahina)*

BABAE: Sino sa ating dalawa ang weird? Sino’ng weird? Sino sa ating dalawa ang weird? *(Malakas na sigaw. Maiiyak)*

LALAKI: Pareho tayong weird! *(Sobrang lakas ng sigaw. Maiiyak)*

*Matitigilan ang babae. Tinitingnan lang ang kaibigan na umiiyak na. Tatayo siya at dahan-dahang, papalakpak. Yayakapin ang kaibigan, magpupunas ng luha. Aayusan ang kaibigan at kukuha ng isang anito na magmimistulang trophy.*

BABAE: Ang mga nominado para sa pinakamahusay na aktor… aktres... aktor... aktres... aktor... ay sina... Dolphy para sa pelikulang, "Facifica Falayfay", Eric Quizon, para sa pelikulang, "Markova", Epy Quizon, para sa pelikulang "Markova", Dolphy, para sa pelikulang, "Markova", or better yet, the Quizons, para sa pelikulang "Markova", Ricky Davao para sa pelikulang "Ang Lalaki sa Buhay ni Selya", at Rustom Padilla, para sa pelikulang "ZsaZsa Zaturnnah". At ang nagwagi... *(Aabutin kunwari ang imaginary envelope)*. At ang nagwagi, *(Sasabihin ang pangalan ng lalaki)* para sa pelikulang, "Hindi Ako Weird!" *(Papalakpak at iaabot ang anito at envelope sa kaibigan at bebeso dito)*

LALAKI: *(Tatanggapin ang mga bagay na iniabot sa kanya ng kaibigan)* Maraming, maraming salamat po... *(Susundan ng sariling award acceptance speech)*

*Tutugtog ang musika na pang Oscar's signaling that the awardee should end his speech.*

LALAKI: Krung-krung ka talaga!

BABAE: Ikaw rin eh! *(Tatawa)*

LALAKI: Pero, hindi nga? Nakahubad ka talaga pag nag-me-makeup ka?

BABAE: Minsan lang. 'Pag ako lang mag-isa sa bahay. Ang sarap kaya. I can just imagine it. Naglalakad ako sa aking spacious and carpeted room, naked. Uhmmm... *(Kikiligin)* Love it!

LALAKI: Then?

BABAE: Magbibihis na'ko.

LALAKI: At ano naman ang isusuot mo, aber?

BABAE: My magical, black, bohemian, paisely dress, I bought from Karimadon.

LALAKI: Shoshul!

BABAE: Sale siya nung nabili ko, pero sobrang magical!

LALAKI: Sobra? As in? Mas magical pa sa "Magic Kamison"?

BABAE: Nama—

LALAKI: Ows?

BABAE: Nukaba? Siyempre wala namang mas ma-magical pa sa magic ng "Magic Kamison" 'noh?!

LALAKI: Ok, then. What's so magical about this dress?

BABAE: Fate.

LALAKI: Bakit naman fate?

BABAE: Kasi nung summer, naghahanap kaming tatlo nila papa ng dress na isusuot ni mama para sa 60$^{th}$ birthday niya. Tapos, nagpunta kami sa mall. Tapos, nakita ko ang bohemian dress na ito. Tapos, sinukat ko dahil sobra ngang gusto ko.

LALAKI: So binili mo?

BABAE: Kaso nga lang wala naman akong dalang adez. Ayoko namang humingi sa parents. And besides, si mama talaga yung bibili ng dress hindi ako.

LALAKI: So, binili nalang ng parents mo for you?

BABAE: Hindi, pinabayaan ko lang. Ok lang naman na hindi ko bilhin, kasi si mama naman talaga yung bibili ng dress for her birthday nga. *(Maarte)*

LALAKI: So binili ng mama mo at siya ang nagsuot?

BABAE: Hindi, nagpunta kami sa ibang mall para maghanap ng dress para sa kanya.

LALAKI: Make the long story short na nga!

BABAE: Ang magic, after one week, bumalik ulit kaming tatlo dun sa shop tapos nandoon pa rin yung dress, tapos binili sa 'kin ni papa. *(Nakangiti)*

LALAKI: Ughhhh, sweet! Magical nga.

BABAE: So 'yon, yung dress na 'yon ang isusuot ko at ang aking strappy red sandals, para sa aking last suttee. Perfect!

LALAKI: Then what? (*Excited*)

BABAE: Bakit parang excited ka naman yata masyado sa pagkamatay ko?!

LALAKI: Krung-krung Gonzales!

BABAE: Tapos, pagkatapos ko mag-make-up at magbihis, at isuot ang aking strappy red sandals, iinumin ko na ang natitira kong Bailey's, *(Mapapaisip)* or, Tequilla Rose nalang kaya? Na-try mo na ba 'yon? Or Mudslide na Chocolate or Capuccino flavor, 'pag hindi na talaga kaya ng budget.

LALAKI: Bakit ano pa ba'ng bibilhin mo?

BABAE: Ah, hindi ko pa naiisip. *(Mapapaisip)* Kailangan lang may matira sa pera ko. Para naman may emergency money ako.

LALAKI: Wow! *(Matatawa)*

BABAE: So, ayun na nga. I-inumin ko na ang aking "liquor of choice", kasabay ang 100 pieces of sleeping pills. Then I'll lie on my king size bed, close my eyes, and wait until I fall asleep… for all of eternity... *(Madrama)*

LALAKI: *(Papalakpak, dahan-dahan muna, hanggang pabilis ng pabilis. Naluluha pa kunwari).*

BABAE: Bow. *(Curtsies)* Manalo rin kaya ako ng award sa performance ko?

LALAKI: Oo naman. Best in Suicide. Best Performance by an Actress in a Suicidal Role. Best Director. Best Screenplay. Best Picture. Best Production Design. Best Costume. At Best Makeup! I'm sure! *(Iaabot ang walong anito sa kaibigan at papalakpak)*

BABAE: *(Tatanggapin ang mga iniabot sa kanya)* Maraming, maraming,
Thank you! Thank you all! Thank you God! *(Susundan ng sariling award acceptance speech)*

*Tutugtog ang musika na pang Oscar's signaling that the awardee should end her speech.*

LALAKI: *(Maiiyak at yayakapin ang kaibigan)*

BABAE: *(Maiiyak)* Thanks ha. Pero naisip ko, baka mamaya hindi maganda yung make-up ko.

LALAKI: Don't worry, ako na ang bahala sa funeral mo 'pag patay ka na. Saan mo ba gustong ilibing?

BABAE: Ay good question. Gusto ko ipa-pa-cremate ako ha. Tapos, pagkatapos ko ma-cremate, dapat may party. Invited lahat ng relatives and friends. Ikaw na ang bahala kung saan. Beach party!

LALAKI: Sosyal! Excited na'ko sa funeral party mo! Dapat ngayon pa lang nag-iipon ka na para ma-afford mo ang gano'n kabonggang funeral.

BABAE: Oo nga 'no?! *(Mapapaisip)*

*Tutugtog ang "Poorman's Grave" na kanta ng Eraserheads, makikinig lamang ang dalawa. Mahabang katahimikan.*

LALAKI: O ano, naisip mo na ba?

BABAE: Hindi. *(Mag-iisip ulit)* Hay na'ko… I'll just cross the bridge when I get there. *(Tatawa)*

LALAKI: Waw! Gudlak!

BABAE: No worries. Anuvah! Marami naman tayong mga kaibigan diyan.

LALAKI: I-asa ba sa mga kaibigan?

BABAE: Iyon ay kung gusto lang naman nilang tumulong. Pero kung hindi, ok lang din. Mas ok yung hindi tayo nag-e-expect sa ibang tao diba?

LALAKI: Eh, ikaw nga itong nagsabi na marami naman tayong mga kaibigan diyan.

BABAE: Pero it's their choice pa rin. It's your choice. Ang importante eh yung may nagagawa ka'ng mabuti para sa ibang tao 'di ba? And most importantly, gumagawa tayo ng mabuti para matuwa si God.

LALAKI: Oh my! Since when have you become so religious? Suicidal na religious naman ngayon.

BABAE: Ganun talaga, ikaw na ang manic-depressive.

*Sandaling katahimikan.*

LALAKI: ‘Pag ako namatay, gusto ko rin ng bonggang-bonggang party!

BABAE: *(Mapapaisip)* Ok. Saan mo ba gusto? Alchemy, Bed, o Government?

LALAKI: None of the above.

BABAE: *(Mapapaisip ulit)* Kung ganun. Woinsha, Klub 69, Celsius, o Cool New Hunks? *(Tatawa)*

LALAKI: Over!

BABAE: Saan nga?

LALAKI: Siguro *(Mag-iisip)*. Sa beach nalang din.

BABAE: Madaya! Sa beach na nga ako, tapos sa beach ka rin?

LALAKI: Bakit, ikaw lang ba ang may karapatang mag-funeral party sa beach? Black-nailed Cancerians tayo! Anuvah! *(Ipapakita ang mga kamay na may mga kukong may black nail polish)*

BABAE: Ay, sayang hindi ako naka-black nail polish ngayon. *(Sisimangot) S*ige na nga, sa beach ka na rin mag-funeral party!

*Matutuwa ang lalaki. Sandaling Katahimikan.*

LALAKI: Teka, kulang yung kuwento mo eh. Saan nga mapupunta yung ashes mo ‘pag crinemate ka? ‘Wag mong sabihing, itatapon sa dagat? Marami nang nakagawa nun.

BABAE: Eh, di ibigay mo nalang sa kung sino mang may gusto. Tapos, ‘pag walang tumanggap… itapon mo nalang sa dagat… sa Boracay.

LALAKI: Eh, di ganun din ‘yon. Bakit Boracay? Marami pa namang ibang magagandang beach sa Pilipinas.

BABAE: Kahit na. Wala lang, feel ko lang dun. Super fine ng sand dun ‘di ba?! And besides, ‘yon kasi yung alam ko at napuntahan ko na. ‘Yon yung pamilyar… nakakatakot kasi pag hindi ka pamilyar sa isang lugar.

LALAKI: True! Pero it can be exciting rin naman. Basta ako, i-cre-cremate din ako ha. Tapos yung ashes ko, gusto ko ilagay mo sa mga tea bags at ihalo mo sa tea, to be served to our friends the morning after my party. Ok?

BABAE: Yuck! Sobra ‘yon. Bakit? You think ma-i-immortalize ka pag ininom ka ng mga tao? *(Nandidiri)*

LALAKI: Oo, bakit? Papasok ako sa mga katawan niyo, sa sistema niyo, at magiging parte niyo na ‘ko. Isipin mo nalang kung gaano karami ang mga kaibigan natin. Ganoon rin karami ang sasapian ng aking aboh! Mwahahahaha! *(Kontrabida laughter)*

BABAE: Ugh! Pagkatapos naman nun, iiihi ka rin namin… so, sa toilet ka lang din mapupunta, tapos sa imburnal.

LALAKI: Kahit na, nainom niyo pa rin ang katas ko.

BABAE: Ew! Katas? Katas talaga? Ano ka prutas? And what made you think na kasama ako sa mga iinom sa’yo?

LALAKI: Alam ko lang iinumin mo ‘ko, because you want me to live inside you.

BABAE: Sa memories nalang siguro, pero yung iinumin kita? I-i-nomin? Ki-ta? Ang pangit pakinggan. Hindi ko kaya ‘yon! *(Mandidiri)*

LALAKI: *(Masasaktan)* Ganun? Eh di, okay lang. *(Halatang-halata ang pagkairita)* Ipainom mo nalang ako sa mga friends.

BABAE: At serious ka talaga dun?

LALAKI: *(Lalong maiirita)* Serious ako, ano ba?! Ganun talaga ‘yung gusto ko’ng mangyari, ok?

BABAE: Ok, sige, kahit uber morbid gagawin ko, for you! Hmp! *(Kukurutin ang kaibigan)*

LALAKI: Ayan! Thanks!

BABAE: Gutom na’ko.

LALAKI: Eh di magluto na tayo!

BABAE: “Cooking It Up With The Daza’s”?! *(Excited)*

*Matatawa ang lalaki. Papalitan ang musika ng original soundtrack ng “Ratatouille”. Tutugtog ang “Souped Up.” Magtatawanan. Susundan ng babae ang lalaki sa kusina. Ilalabas ng lalaki ang mga kitchenwares na kakailanganin nila sa pagluluto. Kukunin naman ng babae ang dalawang bag ng groceries at hahalungkatin ito. Susulyap ang lalaki sa babae at mapapangiti.*

LALAKI: Ang mga ingredients! *(Mataas ang energy)*

*Magugulat ang babae. Dali-daling ilalabas ang mga ingredients. Matatawa sa kanya ang lalaki. Sisimangutan naman ng babae ang lalaki. Ipagpapatuloy ng lalaki ang paghahanda sa mga gamit na kakailanganin nila sa pagluluto, ang babae naman ay inilalabas ang mga ingredients at isa-isa itong ilalapag sa ibabaw ng mesa.*

BABAE: Hmmm... “Crab & Corn Soup”. Add one egg. *(Pupunta sa ref at kukuha ng isang itlog, ipapatong sa mesa. Muling babasahin ang harap ng pakete)* Made with natural ingredients. No preservatives added. *(Babasahin ang likod ng pakete, mataas ang energy, parang TV host)* Enjoy the homestyle goodness of real crab meat and sweet corn with every spoonful of Knorr Crab & Corn Real Chinese Soup. Also available in Nido Oriental Style, Chicken & Corn, Hot & Sour, and Pork & Mushroom Real Chinese Soup.

How to cook. Pour contents into a saucepan with 800 ml, 4 taZas water.

*(Bubuksan ang pakete at iaabot sa kaibigan)*

*Kukunin ng lalaki ang pakete at ibubuhos ang laman sa kaldero. Pagkatapos ay kukunin ulit sa kanya ng babae ang pakete at babasahin, habang ginagawa naman ng lalaki ang mga sinasabi ng babae.*

BABAE: Mix well. Bring to a boil with continuous stirring. Partially cover and simmer for 5 minutes with occasional stirring. Add one fresh egg and stir gently with fork until egg is well dispersed. *(Sandaling mapapatigil, pipigilan ang pagtawa, may ipapabasang salita mula sa likod ng pakete)* Basahin mo nga 'to?

LALAKI: ENJOY! *(Sobrang taas ng energy)*

*Magtatawanan ang dalawa.*

BABAE: Teka, meron pa. "5 reasons to eat soup!" *(Babasahin na parang teacher)* 5 reasons to eat soup. 1. Delicious and tasty. 2. Goodness of real vegetables. 3. Light & easy to digest. 4. Relaxing, soothing & warming. 5. Homestyle goodness.

*Magtatawanan. Magpapatuloy sa pagluluto ang lalaki habang inaayos naman ng babae ang mga groceries.*

BABAE: Ako na'ng magluluto ng "Tuna with Plant" ha.

LALAKI: Go! Ako na sa rice.

*Papalitan ng lalaki ang musika. Papatugtugin niya ang "In Between Dreams" album ni Jack Johnson. Unang tutugtog ang kantang "Better Together". Lulutuin ng lalaki ang kanin. Magsisimulang ihanda ng babae ang mga kailangan sa pagluluto ng "Tuna With*

*Plant," isang tuna dish na maraming-maraming sibuyas. Kukunin niya ang dalawang canned Spanish-style with lemon sauce tuna, maghihiwa ng mga sibuyas, at bawang. Kukuha ng kawali at ibubuhos ang sabaw ng 2 canned tuna, papaiinitin sandali, ihahalo ang bawang, isusunod ang sibuyas, at ihahalo ang tuna. Pagkaluto ay iaayos ng dalawa ang dininig table. Bubuksan ng lalaki ang bamboo lamp, papatayin ang fluorescent light at magsisindi ng mga kandila, papalitan rin niya ang musika ng "Live in Paris" album ni Diana Krall. Uupo sila pareho sa mesa at kakain. Mapapansin ang pag-aabala ng lalaki sa pagsisilbi sa babae. Natutuwa naman ang babae. Nagsusulyapan sila paminsan-minsan at nagngingitian.*

LALAKI: Bakit ba parang ang saya-saya mo ngayon? May something eh. Aside from passing the auditions, meron ka pang hindi kinukuwento.

*Sandaling katahimikan.*

BABAE: *(Maghehesitate, pero babalewalain ito at ngingiti)* I'm getting married! *(Kukunin mula sa bag ang singsing, isusuot, at ipapakita sa kaibigan)*

LALAKI: HA?! *(Gulat na gulat*)

BABAE: Serious.

LALAKI: Kanino?

BABAE: Kay Angel.

LALAKI: Seryoso ka ba? Talaga? Sa stand-up comedian na 'yon? Bading na bading 'yon ano ka ba?! *(Galit)*

BABAE: Bakit ikaw rin naman ah.

LALAKI: Kaya nga! *(Mapapatigil)* Mas pa-girl naman sa 'kin 'yon 'noh?!

*Mahabang katahimikan. Magpapatuloy sa pagkain ang dalawa. Hindi mag-iimikan. Pagkatapos ay ililigpit ng babae ang mga pinagkaininan at dadalhin sa lababo. Magsisigarilyo ang lalaki at kukunin ang Bugnay wine sa ref. Magsasalin sa dalawang wine glass at iaabot ang isa sa babae.*

BABAE: Bakit malungkot ka? Bad news ba ‘yung ibinalita ko?

LALAKI: *(Mapapaisip)* Hindi. Nagulat lang ako.

BABAE: Ako rin.

*Sandaling katahimikan.*

BABAE: Krung-krung siya ‘no?!

LALAKI: Sino?

BABAE: Siya… Si Angel…

LALAKI: Oo. Pareho kayo.

*Ngingiti lang ang babae at yayakap sa kaibigan. Mahabang katahimikan. Tinititigan lang ng lalaki ang babae.*

BABAE: *(Maiilang)* Ano ba *(Sasabihin ang pangalan ng lalaki)*?

*Lubos na malulungkot ang lalaki. Yayakap ito sa babae at maiiyak.*

LALAKI: I love you *(Sasabihin ang pangalan ng babae).* Mahal kita.

BABAE: I love you too *(Sasabihin ang pangalan ng lalaki).* Mahal din kita.

LALAKI: Hindi mo naiintindihan, hindi mo maiintindihan.

*Sandaling katahimikan. Nakatitig lang ang babae sa lalaki. Nakatingin din sa kanya ang lalaki.*

BABAE: Naiintindihan ko.

*Mahabang katahimikan. Matagal na yayakapin ng lalaki ang babae.*

LALAKI: Inaantok na’ko. Gusto mo pa bang manood ng movie?

BABAE: Puwede. May mga napili na ‘ko kanina.

LALAKI: Sige, i-play mo na.

*Pupunta sa DVD player, magsasalang ng DVD, at uupo sa harapan ng TV ang babae. Yayakapin siya ng lalaki mula sa likuran. Idadantay ng babae ang kanyang ulo sa lalaki, kakalas sa pagkakayakap at tatapik-tapikin sa likod ang kaibigan. Manonood na sila pareho. Maya-maya pa ay may maririnig na sunud-sunod na busina ng kotse. Kukunin ng babae ang cellphone na nag-va-vibrate at sasagutin ang tawag.*

BABAE: Hello? Baby? O? Sorry, naka-silent ang phone ko. *(Inaayos ang mga gamit)*. O sige, andiyan na, palabas na. *(Kukunin ang bag)*

LALAKI: Akala ko dito ka matutulog?

BABAE: *(Nagmamadali)* Next time, pramis! Ok?! Labyuh! *(Hahalik sa pisngi at yayakap sa kaibigan)* Good night! Pahinga ka na ha. Mwah! Mwah!

*Aalis na ang babae. Nakatulala lang ang lalaki. Maiiyak. Nakatitig sa TV. Magsisigarilyo. Iinumin ang natitirang wine. Papatayin ang TV. Magpapatugtog ng Blues. Maghuhugas ng pinggan at maglilinis. Ihahanda ang mga make-up sa mesa. Pupunta sa kuwarto, kukuha ng pormal na kasuotang panglalaki, sapatos at isang bote ng prescription drug. Maliligo. Lalabas ng banyo ng nakahubad. Papatuyuin ang buhok gamit ang hair dryer. Mag-me-make-up. Ililigpit ang mga gamit. Magbibihis. Magsisigarilyo. Kukuha ng panibagong bote ng Bugnay wine sa ref. Isasalin ito sa wine glass. Uupo sa folding chair at iinumin ang wine habang isa-isang sinusubo ang mga sleeping pills. Magdidilim.*

*TELON*